

Taon XXXVII Blg. 8 Abril 21, 2006 www.philippinerevolution.org

Editoryal

# Patalsikin ang anti-mamamayan at anti-manggagawang rehimeng Arroyo

gugunitain ng uring manggagawa sa Pilipinas ang nalalapit na Pandaigdigang Araw ng Paggawa sa ilalim ng isa sa mga pinaka-anti-manggagawang rehimen sa kasaysayan ng Pilipinas.

Ito ang rehimeng ni minsan ay hindi nagkaloob ng anumang pangkalahatang umento sa sahod ng mga manggagawa at patuloy na nagbubulag-bulagan at nagbibingi-bingihan sa malaon nang iginigiit na P125 pagtaas sa minimum na arawang sahod. Ito rin ang rehimeng nagpapakana ng "cha-cha" sa pagnanais na

gamitin itong instrumento upang lalong apihin at pahirapan ang mga manggagawa at supilin ang kilusang paggawa.

Ang rehimeng Arroyo rin ang sistematikong nagkakait ng pondo para sa mga serbisyong panlipunang dapat pakinabangan ng mga manggagawa at iba pang naghihikahos. Sa halip, ang binibigyang prayoridad nito sa badyet ay ang mga pinagkakautangang dayuhang bangko at ang militar at pulis na nagtatanggol sa bulok, pasista at di lehitimong paghahari nito.



Ganap nitong ibinubukas ang buong ekonomya sa pagsasamantala ng mga imperyalista sa pwersa ng paggawa at likas na yaman ng Pilipinas. Ang dustang kalagayan ng mga manggagawa ay bahagi ng pangkalahatang pagkawasak ng mga pwersa ng produksyon sa Pilipinas bunsod ng pananalasa ng "globalisasyon" na todong itinutulak ng rehimen alinsunod sa dikta ng mga amo nitong imperyalista.

Hungkag na pangako ang tanging naibigay ni Arroyo sa labis na disgustadong mga manggagawa. Matapos ang dalawang taon, walang kinahinatnan ang

Mga tampok sa isyung ito...

Mayuga report, inililingid sa publiko
PAHINA 4

20 armas nakumpiska sa reyd sa Misamis Occidental PAHINA 5

Mga biyaya ng rebolusyong agraryo sa Cagayan Valley PAHINA 6

pantastikong pangakong lilikha siya ng isa't kalahating milyong bagong trabaho bawat taon hanggang 2010 para lutasin ang malawakang disempleyo sa bansa. Sa halip na madaqdaqan ang empleyo, malawakang tanggalan ang nagaganap. Ayon mismo sa Labor Force Survey nitong Enero 2006, nawalan ng trabaho ang 95,000 sa sektor ng industriya; 75,000 sa konstruksyon; 52,000 sa komunikasyon; at 32,000 sa sektor ng kalusugan at serbisyong panlipunan.

Samantala, sinasalamangka ng rehimen ang mga datos hinggil sa paggawa para pagtakpan ang nagdudumilat namang katotohanan ng lumalalang disempleyo sa Pilipinas. Subalit di nito mapagtakpan ang katotohanang sa kabuuan, halos kalahati na ng pwersa ng paggawa ang wala o di sapat ang hanapbuhay sa harap ng patuloy na malawakang tanggalan at pagkaluqmok ng produksyon.

Bilang "solusyon" sa disempleyo, hinihikayat ni Arroyo ang mga dayuhan na mamuhunan sa mga call center na walang dulot na estratehikong kabuluhan sa lokal na ekonomya at labis na nagsasamantala sa pamamagitan ng mababang

pasahod at laganap na kontraktwalisasyon.

Wala ring patumangga ang kampanya ni Arroyo na magtrabaho sa ibang bansa ang mga manggaqawang Pilipino. Sa pamamagitan nito, bahaqyang nababawasan ang bilang ng mga manggagawang walang hanapbuhay, subalit hindi ito naghahatid ng pangmatagalang solusyon. Sabik na sabik din si Arroyo sa ipinapasok na dolyar na ipinambabayad lamang naman sa dambuhalang panlabas na utang at nilulustay sa iba pang bagay na hindi produktibo.

Di pa nagkasya sa panloloko at panggigipit, inaalipusta pa ng rehimeng Arrovo ang mga manggagawa. Mismong kalihim ng Department of Trade and Industry and nagsabi kamakailan na kaya lang daw maraming Pilipinong walang trabaho ay dahil sila'y "pihikan sa pagpili ng trabaho" o kaya'y "walang pagnanais na magtrabaho". Kulang na lang na sabihin niyang tamad ang mga manggagawang Pilipino at avaw lamang maghanap ng empleyo.

Sa harap ng patung-patong na krimen at kawalanghiyaan ng rehimen sa mga manggagawang Pilipino, libu-libo ang nangangahas na ipaglaban ang kanilang karapatan. At ano ang ganti sa kanila ng Malakanyang?

Binabantaan sila. Mismong si Gloria Arroyo ang nagbansag na mga "terorista sa pabrika" ang mga unyonistang naglulunsad ng mga aksyon para igiit ang dagdag na sahod at benepisyo at mapabuti ang kalaqayan sa paqqawa. Babala ito sa kanila na itiqil ang kanilang mga pagkilos at kung hindi'y tutugisin sila bilang mga teroristang kaaway ng estado.

Ibinibilanggo sila. Tinupad kalaunan ni Arroyo ang gayong pagbabanta nang kanyang ipaaresto nang walang mandamyento noong Pebrero si Crispin "Ka Bel" Beltran, batikang lider-manggagawa at isa sa mga kinatawan ng progresibong partidong Anakpawis sa Kongreso.

Pinapaslang sila. Mula Setvembre 2005 hanggang Marso ng taong kasalukuyan, 21 nang lider manggagawa, unyonista at tagapagtaquyod ng karapatan sa paggawa ang pinaslang ng mga berdugo ng rehimen. Di pa kabilang dito ang mga welgistang minasaker noong Nobyembre 2004 sa Hacienda Luisita bunsod ng kautusan ng mismong kalihim ng Department of Labor and Employment na buwagin ang piketlayn.

Sukdulan na ang kasalanan ng rehimeng Arroyo sa uring manggagawa at sa buong sambayanan. Wala ito ni katiting na karapatang manatili pa sa kapangyarihan. Wala nang ibang masusulingan ang masang manggagawang dustangdusta sa ilalim ng rehimeng Arroyo kundi ang sarili nilang lakas at pagkilos sampu ng lakas at pagkilos ng milyun-milyong mamamayan sa mga lansangan at kabukiran. Wala nang mas tataas pang parangal sa mga manggagawang Pilipino ngayong Mayo Uno kundi ang pagbabagsak sa anti-manggagawa at anti-mamamayang rehimen.

Taon XXXVII Blq. 8 Abril 21, 2006

Ang Ang Bayan ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloko, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Maaari itong i-download mula sa Philippine Revolution Web Central na matataqpuan sa:

www.philippinerevolution.org Tumatanggap ang Ang Bayan ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan. Maaabot kami sa pamamagitan ng email sa:

angbayan@yahoo.com

#### Nilalaman

## **Editoryal**

Patalsikin ang anti-mamamayan at anti-manggagawang rehimen 1 Manipulasyon sa datos ng disempleyo 3 Mayuga report, itinatago 4 Mga paglabag sa karapatang tao 4 Matatagumpay na TO Reyd sa Misamis Occidental 5 Revd sa Isabela 5 5

Labanan sa Davao City Mga tagumpay ng BHB sa ST

Rebolusyong agraryo sa Cagayan Valley 6

#### Sa ibayong dagat

Kalagayan ng kababaihang Tsino 7 Balita

Ang Ang Bayan ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

## Manipulasyon sa estadistika ng disempleyo

ng "husay" sa ekonomya ng ekonomistang si Gloria Arroyo ay makikita sa "husay" ng kanyang manipulasyon sa estadistika ng disempleyo. Kaya naman nitong Enero 2006, kumpara noong Abril 2004, ang bilang ng mga "walang trabaho" ay bigla-biglang nabawasan nang 2.149 milyon!

Susi sa salamangkang ito ni Arroyo ang pagbabawas sa bilang ng pwersa ng paggawa sa pamamagitan ng pagbabago sa depinisyon ng "walang trabaho" na ginawa ng National Statistical Coordination Board (NCSB) noong Oktubre 2004. Dito, hindi na itinuturing na bahagi ng pwersa ng paggawa yaong mga manggagawang lagpas anim na buwan nang hindi naghahanap ng trabaho—karaniwa'y bunga ng kawalan ng oportunidad na makapaghanapbuhay. Sa ganitong ma-

dayang paghihigpit sa depinisyon, mahigit 1.285 milyon ang awtomatikong nabawas sa pwersa ng paggawa. Ito'y kahit pa lumaki nang 1.054 milyon ang populasyon ng mga Pilipinong may edad na 15 taong gulang pataas, na siyang dapat kabilang sa pwersa ng paggawa sa karaniwang pakahulugan nito. Dahil dito, mapanlinlang ding napalalabas na tumaas ang tantos ng empleyo (mula 86.3% tungong 91.9%).

Kung tutuusin, ang pagbabago



ng depinisyong ito noong Oktubre 2004 ay pinakahuli lamang sa ginagawang pandaraya sa datos ng emplevo. Bago pa ito, malaking tipak na ng mga manggagawa na nakakategoryang maybahay (housewife) ang hindi na ibinibilang sa pwersa ng paggawa. Kung tutuusin, sa mahigit 20 milyong populasyong inalis na sa pwersa ng paggawa nitong Enero 2006, umaabot sa 15.3 milyon and pwede sanang maghanapbuhay kung may makikita lamang na trabaho. Kung idaragdag pa ang upisyal na datos sa disempleyo, sa minimum ay 18.14 milyon ang aktwal na walang trabaho (o 36.8% at hindi 8.3% tulad ng ipinagmamalaki ng rehimen).

"Nababawasan" din ng gubyerno ang disempleyo sa pamamagitan ng pagsasabing may trabaho yaong mga kung tutuusi'y walang regular na emplevo o tuluy-tuloy at sapat na mapagkakakitaan. Pinalalabas nga lamang na "di sapat" ang trabaho (underemployed) ng mga ito, na umaabot sa pitong milyong katao. Kabilang sa kategoryang ito ang mga may sariling maliliit na tindahan at talyer at ang mga kapamilyang karaniwang pinatatrabaho sa mga ito nang wala o maliit lamang ang bayad. Ibinibilang din sa mga "di sapat" ang trabaho ang mga naglalako sa lansangan, "barker" sa mga terminal ng dyip at iba pang sa katunayan ay nabubuhay nang isang kahig, isang tuka. Samakatwid, sa kabuuan, 25.059 milyon o halos 50% and biland nd mga walang trabaho at hindi sapat ang kinikita.

	15 anyos pataas (milyon)	Pwersa ng paggawa (milyon/%)		May trabaho (milyon/%)		Walang trabaho (milyon/%)		Di sapat ang hanapbuhay (milyon/%)	
Abril 2004	52.971	35.509	68.9%	31.520	86.3%	4.989	12.2%	4.733	18.5%
Abril 2005	54.194	35.126	64.8%	32.217	91.7%	2.909	8.3%	8.422	26.1%
Enero 2006	55.248	35.224	63.8%	32.384	91.9%	2.840	8.1%	6.895	21.3%

## Kabuuan ng Mayuga report, inililihim

mani ng malawak na batikos ang paglalabas kamakailan ng Malakanyang ng buod ng resulta ng ginawang imbestigasyon ng AFP sa pagkakasangkot ng matataas na upisyal militar sa dayaan noong eleksyong 2004.

Walang kumbinsido sa ulat ni Vice Admiral Mateo Mayuga na nagaabswelto kina Lt. Gen. Hermogenes Esperon, Lt. Gen. Gabriel Habacon at Lt. Gen. Roy Kyamko na pawang nabanggit sa mga teyp na "Hello Garci" bilang mga kasabwat sa pandarayang nagpanalo kay Gloria Arroyo sa eleksyon.

Wala ni isang napatunayang nagkasala, ayon sa inilabas na ulat. Bagkus, ang ilan sa kanila ay naitaas pa ang ranggo o pusisyon. Naging hepe ng Philippine National Police si Dir. Gen. Arturo Lomibao. Naging hepe ng Philippine Army si General Esperon. Si Lt. Gen. Habacon ay itinalagang hepe ng Southcom gayong pinakamababa ang ranggo niya sa 20 upisyal na pinagpilian. Si Brig. Gen. Nelson Allaga na ngayon ang kumandant ng Philippine Marines. Si Capt. Feliciano Anque na ngayon ang operations chief ng Philippine Navy.

Inumpisahan ang imbestiga-

syon noong Hunyo 2005 at natapos noon pang Nobyembre. Agad na naisumite sa Malakanyang ang Mayuga report na naglalaman ng mga resulta ng pagsisiyasat. Pero sadyang inilingid sa publiko ang ulat sa takot ni Arroyo na magbunsod ito ng mas matinding disgusto sa hanay ng AFP at PNP.

Gamit ang EO 464, hinarang ng Malakanyang ang pagsusumite ni Mayuga ng ulat sa Senado at Kongreso, na noo'y nagsasagawa ng kani-kanilang mga imbestigasyon sa usapin. Pinigilan din nitong magsalita sa mga imbestigasyon ang mga upisyal ng AFP. Ang lubhang pag-antala sa paglalabas ng ulat ay nagpapatibay sa paniniwala ng marami na niretoke ito pabor sa mga sangkot na upisyal.

Upang umiwas sa posibleng alingasngas, inilabas ang nilinis na buod ng Mayuga Report noon na lamang hapon ng Abril 12, isang araw bago magsara ang mga upisi-

na ng masmidya para sa Semana Santa. Sa istasyon din lamang ng gubyerno ito inianunsyo nang walang kaharap ni isang kagawad ng midyang pwedeng magtanong tungkol sa nilalaman nito.

Patuloy na ipinagbabawal ng Malakanyang ang pagsisiwalat ng buong nilalaman ng Mayuga Report at pagbibigay ng mga paliwanag kaugnay sa mga isinapublikong bahagi nito, gamit ang samutsaring dahilan.

Sa harap nito, nagpanukala ng resolusyon ang mga kinatawan ng progresibong partido sa Kongreso na nag-oobliga kay Mayuga na isumite ang buong ulat upang maimbestigahan ito ng mga mambabatas. Maaari na ito ngayon matapos ideklara ng Korte Suprema na iligal ang pagpigil ni Arroyo sa pagtestigo ng mga upisyal sa mga imbestigasyon sa ilalim ng EO 464.

Ang paglilingid sa buong kinalabasan ng imbestigasyon ay tiyak na patuloy na magpapakulo sa disgusto sa rehimeng Arroyo ng mga sundalo at nakababatang upisyal militar.

## Walang lubay ang mga paglabag sa karapatang-tao

A nim na beses na binaril noong Abril 6 ng isang lalaking nakamotorsiklo at naka-crash helmet si Nicanor Briones, 42, pangulo ng National Federation of Sugar Workers-Camarines Sur. Malubhang nasugatan si Briones.

Nangyari ang pamamaril sa terminal ng bus sa Trianggulo, Naga City habang nagaganap ang BA-YAN Caravan Against Cha-Cha and Political Repression kung saan si Briones ay isa sa mga namuno.

Bago ito, binaril nang malapitan sa harap ng kanilang bahay sa Tagbilaran, Bohol noong Abril 3 si Inday Estorba, 31, myembro ng Gabriela Women's Party at ang kanyang asawang si Gerry. Agad na napatay si Gng. Estorba habang malubha namang nasugatan ang kanyang asawa.

Samantala, walong minero ang dinukot ng militar sa Barangay Camachin sa bayan ng Doña Remedios Trinidad sa silangang Bulacan noong Abril 17 matapos magkalabanan sa naturang baryo noong araw na iyon ang mga gerilya ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) at mga elemento ng 56th IB. Ang mga minero, na nagtatrabaho sa Metal Ore Company, ay dinukot sa bintang na sila ay mga Pulang mandirigma. Hanggang ngayon ay hindi pa sila inililitaw ng militar.

Sa Cagayan, nasalubong ng mga nag-ooperasyong sundalo ng 17th IB nitong Abril 6 sina Michael Sibbaluca at Reynaldo Peñalver na kapwa taga-Gattaran at basta na lamang silang hinuli, ikinulong at kinasuhan ng rebelyon.



## 20 armas nasamsam sa reyd sa Misamis Occidental

alawampung malalakas na armas ang nasamsam ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) nang salakayin nito ang detatsment ng Philippine Army-Citizens' Armed Forces Geographical Unit (CAFGU) sa Barangay Upper Bautista, Sapang Dalaga, Misamis Occidental bandang alas-5 ng umaga nitong Abril 11. Nakumpiska ang isang M60 light machine gun, tatlong M14, dalawang M16 at 14 na M1 Garand.

Dalawang sundalo ng 5th IB at 12 elemento ng CAFGU ang nasa detatsment nang salakayin ito. Sinamantala ng mga Pulang mandirigma ang malakas na buhos ng ulan sa pagsalakay. Naagaw ng BHB and detatsment matapos and 45 minutong labanan. Napatay ang isang elemento ng CAFGU at isa sa mga sundalong nangangasiwa sa detatsment, habang nasugatan ang lima pang elemento ng CAFGU. Samantala, sumurender ang naiwang pitong pwersang paramilitar. Hindi nagtamo ng kahit isang kaswalti ang mga Pulang mandirigma.

Inasikaso ng mga gerilya ang mga sugatang sundalo bago sila umatras. Itinayo ang detatsment noong isang taon habang naglulunsad ng operasyong RSOT ang 101st Brigade ng Philippine Army sa naturang bayan. Pinamahalaan ito kalaunan ng 3rd Special Forces Battalion. Ang naturang yunit ay naglulunsad ngayon ng kampan-

yang militar sa mga bayan sa

hangganan ng Misamis Occidental at Zamboanga del Norte.

Pampitong opensiba na ito ng BHB sa Sapang Dalaga mula noong

, isang taon. Nitong Marso 20, siyam na armas ang nasamsam ng BHB sa isang reyd sa istasyon ng pulis sa munisipyo ng bayan.

Noong Oktubre 9, 2005, inambus ng BHB ang 15th Division Reconnaissance Coy at limang sundalo ang napatay, kabilang ang company commander nitong si 1Lt. Arthur Gelotin.

## 9 na armas, nakumpiska sa reyd sa Isabela

**S** iyam na armas ang nasamsam ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) nang salakayin nito noong Abril 18 ang istasyon ng Philippine National Police sa munisipyo ng Dinapigue, Isabela. Nadagdag sa armori ng BHB ang apat na M16, dalawang M14 at tatlong *shotgun*, ayon sa mga panimulang ulat.

Hindi na nagawang lumaban ng 11 pulis nang dumating sa munisipyo ang mga Pulang mandirigma sakay ng dalawang trak na kinumpiska sa isang kumpanya ng *logging*. Matapos disarmahan ang mga elemento ng Dinapique PNP, umatras ang mga gerilya sakay ng mga bangkang de-motor.

Ang liblib na bayan ng Dinapigue ay nasa pagitan ng Pacific Ocean sa silangan at ng Sierra Madre sa kanluran. Aabot ng 10 hanggang 11 oras ang tagal bago ito marating ng pinakamalapit na reimporsment ng militar o pulis.

## 2 Scout Ranger patay, 2 sugatan sa labanan sa Davao City

Dalawang elemento ng 5th Scout Ranger Company ang napatay at dalawa pa ang nasugatan sa labanan sa pagitan ng naturang yunit militar at Bagong Hukbong Bayan-1st Pulang Bagani Company sa Sityo Napaliko, Barangay Tapak, Paquibato District, Davao City noong Abril 6.

Taliwas sa ipinangalandakan ni Col. Francisco Simbajon ng 4th Infantry Division, walang natamo ni isang kaswalti ang mga Pulang mandirigma.

Mahusay na nakapagmaniobra ang BHB laban sa

mga sundalo ng Scout Ranger. Nang magipit, agad na nagpatawag ang militar ng reimporsment mula sa 73rd IB. Agaran itong nagpadala ng mga helikopter na na nambomba sa lugar nang wala man lamang pagsalang-alang sa kaligtasan ng mga sibilyan sa erya.

Ang napalabang yunit militar ay bahagi ng malawakang deployment ng mga tropa sa kanayunan ng Davao City at sa Davao del Norte mula pa noong isang taon. Inihahanda nila ang lugar para sa pagpasok ng mga dayuhang kumpanya sa pagmimina.

## Mga tagumpay ng BHB sa Southern Tagalog

I pinagbunyi ng rebolusyonaryong kilusan ang mga tagumpay ng Partido at Bagong Hukbong Bayan sa Southern Tagalog noong nakaraang taon.

Ayon sa pahayaq nq Partido sa rehiyon noong Marso 29, masigla ang paglulunsad ng mga taktikal na opensiba ng Bagong Hukbong Bayan sa Southern Tagalog mula noong huling kwarto ng 2005 hanggang sa kasalukuyan. Sa loob ng nakaraang anim na buwan, 36 na mga taktikal na opensiba ang nailunsad sa iba't ibang larangang gerilya sa rehiyon. Katumbas ito ng anim na taktikal na opensiba na nailulunsad ng hukbong bayan kada isang buwan. Pinakamasinsin ang mga taktikal na opensiba noong Nobyembre at Disyembre. Malaking bilang ng mga armas ang nasamsam at mahigit isang kumpanya ng kaaway ang napatay.

Sa kabilang banda, tinukoy nito ang marami pang mga tungkulin at gawain na marapat tupdin upang tuluyan nang makaalpas sa gapos ng konserbatismo. Kabilang dito ang pagtatayo ng lakas-kumpanyang pormasyon sa antas larangan at pagpapatatag ng mga platun bilang saligang pormasyon; mabilis na pagbubuo at pagkokonsolida sa mga saligang organisasyong masa; pagsisinsin sa organisasyong militar sa antas-baryo, kabilang ang pagtatayo ng mga yunit pananggol sa baryo; pagtatayo at pagpapatatag sa istruktura ng kumand at mga organong pampulitika sa lahat ng antas; patuloy na pagpapalakas sa mga sentro-de-grabidad; patuloy na paqtangan sa inisyatibang militar at pagpapalakas sa pamunuan sa lahat ng antas.

## Libu-libo nakikinabang sa rebolusyong agraryo sa Cagayan Valley

Rongkretong benepisyo ang natatamo ng ilampung libong magsasaka sa Cagayan Valley bunga ng kanilang mga pakikibakang antipyudal at iba pang pagkilos. Patuloy na sumusulong ang rebolusyonaryong kilusang magsasaka sa rehiyon laluna matapos ang matagumpay na pagdaraos ng kumperensya hinggil sa rebolusyong agraryo sa rehiyon noong kalagitnaan ng 2005. Binaybay sa kumperensya ang kasaysayan, kalakasan at kahinaan ng mga pakikibakang agraryo sa Cagayan Valley at nagbalangkas ng programang tumutukoy sa mga diin sa pakikibakang magsasaka sa susunod na tatlong taon.

Noong 2005, mahigit 71,000 magsasaka mula sa 52 baryo ng walong bayan sa rehiyon ang nakinabang sa gayong mga pagkilos sa kabila ng panggigipit ng militar.

Ipinaglaban ng mga magsasaka ang pagpawi sa interes sa utang kapag may kalamidad. Napababa mula 50 kilo tungong 20 kilo ng mais ang interes sa bawat ₱1,000 utang. Ang interes sa utang na 7% kada buwan ay napababa sa 2.5%. Tatlong kumprontasyon at isang dayalog ang inilunsad para sa pagpapababa ng tantos sa usura sa 26 na baryo mula sa tatlong bayan na pinakinabangan ng 1,930 magsasaka. Di tulad ng mga dating berbal lamang


na kasunduan na kadalasang tinatalikuran ng mga komersyanteusurero, nagkapirmahan sila at ang mga organisasyon ng magsasaka upang ipatupad ang mga pinagkaisahan. Tumayong testigo sa mga pirmahan ang mga prominenteng personahe tulad ng mga taong-simbahan at mga upisyal ng lokal na gubyerno.

Kumilos naman ang 52 magsasaka mula sa tatlong baryo sa Cagayan noong Hulyo upang kumprontahin ang panginoong maylupa para pababain ang upa sa lupa. Naipababa ito sa 1/4 ng neto (linis na kita matapos awasin ang mga gastos sa produksyon) mula sa dating 1/3 ng buong kita (wala

pang inaawas para sa mga gastos sa produksyon). Nabenepisyuhan dito ang 300 tenante.

Sa ibang baryo naman noong nakaraang Mayo, nagkaisa ang 350 tenanteng nagtatrabaho sa lupang inaangkin ng isang panginoong maylupa na huwag nang magbayad ng upa sa lupa.

Sa Isabela,





matagumpay na nahadlangan ng mga magsasaka sa apat na baryo ang pagpapatupad sa kanilang lugar ng Socialized Integrated Forest Management Agreement (SIFMA), isang pakana ng gubyerno para kamkamin ang kanilang mga lupain. Kinumpronta nila ang isang dating pulitiko na nagpapasok ng proyekto.

Pagpapataas naman ng sahod ang ipinaglaban ng mga magsasaka sa isang baryo sa Isabela noong Hulyo. Mula sa dating ₱70-80 bawat araw, naging ₱12 kada oras na ito sa pamamagitan ng pagkakaisa sa asembleya ng barangay. Nakinabang dito ang 400 manggagawang bukid.

Isang libong magsasaka rin ang kumilos mula sa 16 na baryo ng Cagayan upang mapasakamay ng kanilang samahan ang isang kooperatiba. Nang matagumpay nilang makuha ito, ibinaba nila ang interes sa pautang at pinawi ang mga kontra-magsasakang alintuntunin at gawain ng kooperatiba. Nabiyayaan ang 10,000 magsasaka.

Ipinaglaban pa ng mga magsasaka ang iba pang kaayusan sa paggawa. Kumilos ang 921 magsasaka mula sa 22 baryo ng apat na bayan para mapabuti ang kanilang kalagayan. Nakinabang dito ang 21,790 pang magsasaka.

Ang mga samahan ng magsasaka ay nagtulung-tulong upang maitayo at mapamahalaan ang sistema sa patubig sa apat na baryo sa dalawang bayan sa Isabela. Limang libong magsasaka ang nabiyayaan.

Naayos ng samahan ng magsasaka sa dalawang baryo sa naturan ding prubinsya ang irigasyon ng kanilang pananim sa panahon ng tagtuyot noong Enero hanggang Abril. Nabenepisyuhan ang 2,790 magsasaka.

Sa pakikipag-usap naman ng organisasyon ng magsasaka sa mga drayber ng dyip na naglalabas ng kanilang produkto mula sa baryo, ibinaba ang pamasahe sa ₱30 mula sa dating ₱40.

Sa harap ng salantang dulot ng bagyo, kumilos ang mga magsasaka sa tatlong baryo sa Isabela para kumuha at makapagpamudmod ng *relief goods* mula sa iba't ibang organisasyon. Nabigyan ng *relief* ang mahigit 2,000 magsasaka.

Binhi naman ang nakuha ng mga magsasaka sa Cagayan noong Nobyembre mula sa iba't ibang organisasyon matapos masalanta ang mga pananim sa sunud-sunod na kalamidad. Nakinabang dito ang 2,000 magsasaka.

Kumilos din ang 55 magsasaka sa isang baryo para ayusin ang kanilang kalsada. Nagbunga rin ang pagkilos ng mahigit 100 magsasaka sa naturan ding baryo upang igiit sa mga upisyal sa munisipyo na kabitan ng kuryente ang kanilang baryo.

Kalagayan ng kababaihang Tsino

## Panunumbalik ng pagsasamantala at pang-aapi

ang mangibabaw ang modernong rebisyunismo at manumbalik ang kapitalismo sa China, muling umiral ang pagsasamantala at pangaapi ng iilan sa nakararami. At sa ganitong sistema, nanumbalik ang kalagayang mas mababa ang turing sa kababaihan kumpara sa kalalakihan.

Nanumbalik na ang malupit na patakarang nagkakait sa kababaihan ng karapatan sa lupa, bagay na pinawi mula nang magtagumpay ang rebolusyon sa China noong 1949 hanggang 1976. Laganap ngayon sa China, halimbawa, ang kagawiang kapag nag-asawa ang isang babae ng tagaibang lugar, nawawala ang dati niyang karapatan sa lupang kanyang binubungkal. Wala rin naman siyang makukuhang kapalit na karapatan sa lugar ng kanyang asawa. Bumalik ang pagtingin na ang asawang lalaki lamang ang may karapatan sa lupa at dapat umasa lamang dito ang asawang babae. Maraming insidente ngayon sa China na nagsasampa ng kaso ang kababaihan dahil sa pagaalis ng kanilang karapatan sa lupa.

Umiiral na muli ang mga luma at bulok na kaisipan sa pag-aasawa. Kung noon sa pananagumpay ng rebolusyon ay binaklas ang pagkakatali ng mga babae sa tahanan at pinahalagahan ang paglahok nila sa produksyon, ngayon ay muling laganap ang kaisipang ang mga gawain sa bahay ay pambabae lamang. Unti-unting nabaklas ang pakikibahagi ng mga lalaking asawa sa gawaing bahay at ang kolektibong papel ng komunidad sa pangangalaga sa mga bata (halimbawa, sa pamamagitan ng mga daycare at nursery). Doble ngayon ang pasanin ng kababaihan dahil bukod sa paghahanapbuhay, sila pa ang nagaalaga sa kanilang mga anak at nag-aasikaso sa mga qawaing bahay.

Pinalalala pa ito ng pag-iwan ng mga lalaki sa kanilang mga pamilya upang maghanap ng alternatibong mapagkakakitaan sa kalunsuran. Dahil dito, naiwan ang kanilang mga asawa sa kanayunan upang mag-isang bumalikat ng mga gawain sa pagsasaka at mga gawain sa loob ng tahanan, kabilang ang pagaalaga sa mga bata at matatanda.

Dahil sa hindi wastong tradisyunal na pagtinging

"mas mapakikinabangan" ang lalaki kaysa babae, muling sumulpot at tumataas ang bilang ng mga kaso ng female infanticide (aborsyon o di kaya'y pagpatay sa kapapanganak na sanggol na babae) sa China. Dahil sa napakaraming insidente nito, ipinagbawal na sa China ang paggamit sa ultrasound machine upang alamin ang kasarian ng ipinagbubuntis. Kung hindi man patavin and babaeng sanggol ay inaabandona ang mga ito pagkapanganak. May mga bahay-ampunan sa China kung saan ang karamihan ng mga inaalagaan ay mga abandonadong batang babae.


Sa buong mundo, halos pantay ang bilang ng mga lalaki at babae (101:100). Subalit dahil sa laganap na female infanticide sa China, tinataya ngayong mayroong 118 lalaki sa bawat 100 babae roon. Dahil dito, napakalaganap ngayon sa China ang pangingidnap ng mga

babae upang

mga naghahanap ng mapapangasawa. Nanumbalik din ang pagbebenta ng mga magulang sa kanilang mga anak na babae sa mga lalaking nais ng asawa. Napipilitan ang maraming babaeng Tsino na mag-asawa ng lalaking di nila gusto upang may makain ang kanilang nagugutom na pamilya.

Ayon sa mga ulat, umabot sa 110,000 babae ang nailigtas na mga biktima ng pangingidnap sa China noong 2000. Ang mga babaeng biktima ay pwersahang pinagtatrabaho bilang mga prostityut o alipin ng mayayaman sa kanayunan, o ibinenta bilang asawa. May mga biktima na ginagahasa muna bago ibenta.

Nanumbalik at patuloy na lumalaganap ang prostitusyon sa China. Noong 2005, tinatayang umaabot sa anim na milyon at lumalaki pa ang bilang ng mga biktima ng prostitusyon sa China. Karamihan dito ay mga bata at kabataang babae. Muling nagsulputang parang kabute sa maraming bahagi ng China ang mga bahay-prostitusyon na noo'y isinara na ng rebolu-



ilako ang sarili.

Napipilitang pumasok sa prostitusyon ang kababaihang Tsino dahil sa hirap ng buhay at kawalan ng hanapbuhay. Marami sa kanila ang nawalan ng trabaho bunsod ng pagsasara ng mga empresang pagaari ng estado. Marami ring kabataang babae mula sa kanayunan ang pumupunta sa kalunsuran para maghanap ng trabaho at magandang buhay pero nagiging biktima na lamang ng prostitusyon.

Dahil na rin sa laganap na prostitusyon, dumarami ang kababaihang Tsinong may sakit na AIDS. At sa mga maysakit na AIDS, lumalaki ang porsyentong mga babae (19.4% noong 2000, 27.8% noong 2005).

Nililimitahan ngayon ng komersyalisasyon ng edukasyon ang pagkakataon para makapag-aral ang mga babae—taliwas sa dating rebolusyonaryong patakaran ng paglulunsad ng kampanyang literasiya at edukasyon kapwa sa kababaihan at kalalakihan. Dahil sa mababang badyet ng gubyerno sa edukasyon, maraming kabataang Tsino laluna sa napakahihirap na erya at sa mga lugar ng pambansang minorya ang hindi na nakapag-aaral. Sa mga napakahihirap na luqar, halos walang babaeng pumapasok sa eskwelahan. Bumalik ang pyudal na kulturang mapagmaliit sa kababaihan, kaya sa maraming pagkakataon, ang mga anak na lalaki lamang ang pinag-aaral kapag pumipili ang mga magulang kung sino sa mga anak ang pag-aaralin.

Lampas sa 70% ng mga tumitigil sa pag-aaral sa China ay mga batang babae. Lampas din sa 70% ng 220 milyong hindi marunong o kaya'y nahihirapang magbasa at magsulat ay mga babae.

Lubhang pinagsasamantalahan ang milyun-milyong kababaihan, na karamiha'y kabataan, sa mga



pagawaan, laluna sa mga assembly line ng mga produktong pang-eksport. Dahil sa kakulangan ng trabaho at mapagkakakitaan sa kanilang mga atrasadong komunidad, naging padron ang internal na migrasyon ng kabataang babae (na tinatawag na dagongmei) patungo sa ibang lugar kung saan may mga pabrika o may tinatawag na mga special economic zone. Karaniwang nagtatrabaho ang mga dagongmei sa magagaang malamanupakturang makonsumo sa paggawa at mabababang uri ng sektor ng serbisyo kung saan mababa ang pasahod laluna sa mga babae. Karaniwan ding hindi makatao ang kundisyon sa mga pagawaan. Marami ang nagtatrabaho nang lampas sa sampung oras araw-araw at ni walang pagkakataong makaihi man lamang.

Mas mababa ang sahod ng mga manggagawang babae sa maraming pagawaan. Halimbawa, ayon sa ulat ng Institute of Sociology of the Chinese Academy of Social Sciences noong 2000, ang karaniwang buwanang sahod ng mga *dagongmei* sa Guangdong ay RMB300-RMB500 (\$37-\$62). Sa kabilang banda, hindi bababa sa minimum na RMB500 ang pasahod sa mga lalaki.

Walang habas na nilalabag ng mga may-ari ng pagawaan ang batas na naggagarantiya ng *maternity leave*, proteksyon sa *reproductive health* ng mga babae, bayad sa *overtime* at iba pa.

Maraming kasong hindi binibigyan ng kontrata ang mga manggagawang babae. Gayundin, marami ang hindi binabayaran para sa *overtime*. Madali para sa mga may-ari at manedyer ng mga pagawaan na pagkaitan ng mga benepisyo at pagbantaang sisipain sa trabaho ang sinumang maggigiit ng mga karapatan nila dahil sa dami ng mga walang hanapbuhay na pwedeng ipalit sa kanila.

Gayundin, bulnerable ang mga babaeng manggagawa sa sekswal na pagsasamantala ng mga may-ari at manedyer ng pagawaan. Napakaraming kaso ng sekswal na pang-aabuso na karaniwa'y kapalit ng pabor na ibibigay sa manggagawang babae. Walang batas sa China laban sa sexual harassment.

Laganap din ang diskriminasyon sa mga babae sa hanay ng mga propesyunal. Mas pinapaborang tanggapin sa trabaho ang mga propesyunal na lalaki. Maraming propesyunal na kababaihang natatanggap sa trabaho ang pinapipirma sa mga kontratang nagbabawal ng pagbubuntis sa loob ng limang taon. Bukod rito, mabagal ang kanilang promosyon sa kumpanya laluna kung may asawa't mga anak na.

Sumangguni rin sa artikulong "Kababaihan ng China, pinalaya ng rebolusyon" na inilathala sa isyung Marso 7, 2006 ng Ang Bayan.

## Pagpapagaan sa kaso ng mga Amerikanong sundalo, binatikos

INULAN ng batikos ang desisyon ni Justice Secretary Raul Gonzales noong Abril 18 na ibaba ang kaso ng tatlo sa apat na Amerikanong sundalong akusado sa panggagahasa sa isang Pilipina sa Subic, Zambales noong Nobyembre 2005 mula sa pagiging prinsipal na akusado tungo sa pagiging mga *accessory* o katulong lamang sa pagsasagawa ng krimen.

Isa na lamang sa kanila, si Lance Corporal Daniel Smith, ang kinasuhan ng panggagahasa

Sa ganitong paraan, pwede nang paisa-isang iabswelto ang iba pang sangkot sa kaso. Si Smith na lamang ang mahaharap sa parusang bitay o habambuhay na pagkakabilanggo kung mahahatulan. Ang kanyang mga kasamahang sina Lance Corporal Keith Silkwood at Dominic Duplantis at Staff Sgt. Chad Carpentier ay nahaharap lamang sa maksimum na 20 taong pagkakabilanggo kung mapatutunayang nagkasala.

Mariing binatikos ng abugado ng biktima si Gonzales, na ayon sa kanya'y parang nag-aabugado para sa mga akusado sa halip na tumulong sa pag-uusig. Nagbitiw na rin bilang tagausig ng kaso si Olongapo City Prosecutor Prudencio Jalandoni bilang protesta sa desisyon ni Gonzales.

Agad namang sinuportahan ng Malakanyang ang desisyon ni Gonzales.

Bago ito ay iniatras na ng rehimen ang karapatan nitong hawakan ang mga akusado habang nililitis at sa halip ay ipinaubaya na lamang sila sa US Embassy. Ibinasura rin ng korte ang mosyon ng mga abugado ng biktima na kumukwestyon sa mga probisyon ng VFA na labag sa mga batas ng Pilipinas. Ayon sa kanila, ang pagtanggi ng US na ipahawak ang mga suspek sa mga awtoridad ng Pilipinas ay direktang pagbalewala sa sistema ng hustisya ng bansa.

Ipinamalita ni Gonzales mismo na nabayaran na ang pamilya ng biktima para iatras ang kaso, bagay na mariin nilang pinabulaanan.

Sa harap nito, nanawagan ang GABRIELA na magbitiw si Gonzales at maglabas ang korte ng mandamyento para arestuhin ang lahat ng mga akusado at ideklarang labag sa konstitusyon at kapakanan ng mamamayan ang VFA.

Sa buong kasaysayan ng pang-aabuso ng mga tropang Amerikano sa karapatan ng mga Pilipino, wala pa ni isang salaring naparurusahan dahil itinatakas sila ng US at naibabaon sa limot ang mga kaso.



### EO 464, idineklarang iligal ng Korte Suprema

TINUKOY ng Korte Suprema na hindi konstitusyunal ang ilang prubisyon ng Executive Order 464 kabilang ang pangunahing laman nito na nagbabawal sa mga upisyal ng gubyerno, militar at pulisya na humarap at tumestigo sa mga pagdinig na isinasagawa ng Senado at Kongreso kung walang pahintulot mula sa presidente.

Ang desisyong inilabas nitong Abril 20 ay pagwawaksi sa pag-angkin ni Arroyo ng mga kapangyarihang mala-diktador. Ang EO 464 ay inilabas ni Arroyo noong nagdaang taon upang hadlangan ang mga isinasagawang imbestigasyon sa Senado at Kongreso ukol sa mga tampok na isyu ng hweteng, *fertilizer scam* at pandaraya sa eleksyon. Layunin ni Arroyo na pigilan ang paglabas ng mga impormasyong kinatatakutan niyang magpapasiklab sa galit ng mamamayan.

Sa harap ng desisyon ng hukuman, muling bubwelo ang mga imbestigasyon laluna sa Senado.

#### Mayorya ng mamamayan, tutol sa "cha-cha"—IBON

PITUMPU'T anim na porsyento (76%) ng mga Pilipino ang tutol sa "cha-cha" o pag-aamyenda sa konstitusyon, ayon sa pinakahuling sarbey ng IBON Foundation na ginawa mula Marso 16 hanggang 25. Mas mataas ito kaysa sa 65% na tutol sa "cha-cha" noong Enero,

anang IBON.

Ayon din sa naturang sarbey, umaabot sa 75% ng mga Pilipino ang naniniwala na sangkot sa mga anomalya si Gloria Arroyo at nandaya ito noong eleksyong 2004.

Sinabi ni Antonio Tujan, research director ng IBON na salik sa gayong paniniwala ang patuloy na pagtanggi ng rehimeng Arroyo na isiwalat ang buong nilalaman ng imbestigasyong isinagawa ni Vice Admiral Mateo Mayuga hinggil sa pagkakasangkot ng matataas na upisyal ng militar sa dayaan sa eleksyong 2004.

### Anomalya sa abono, kinumpirma ng COA

KINUMPIRMA ng upisyal na ulat ng Commission on Audit (COA) na batbat sa anomalya ang Ginintuang Masaganang Ani (GMA), ang programa ng Department of Agriculture sa pagpapamudmod umano ng abono sa mga lokal na upisyal at mga pribadong organisasyon noong 2004. Ang ulat, na natapos ng COA noong Marso 31 ay isinumite nito sa Senado noong Abril 4.

Ayon sa ulat, sa kalakhan ay mga pinapaborang lokal na upisyal ng rehimeng Arroyo ang nabiyayaan ng abono o pondong pambili ng abono. Kabilang dito ang mga upisyal sa mga lugar na walang lupang agrikultural at hindi nangangailangan ng abono.

Ginamit nilang prente ang mga huwad na *non-governmental organization*, mga taong patay na at mga hindi naman nagsasaka na ibinilang sa listahan ng mga nabigyan umano ng pondo. May mga pagkakataon ding nadoble ang mga benepisyaryo o kaya'y hindi malinaw kung sino ang nakatanggap ng abono o pondo.

Sa mga rehiyon naman ng Ilocos, Central Visayas at Northern Mindanao, umabot sa 42% ng abono ang hindi naman natanggap ng mga magsasaka o mga upisyal ng barangay. Sinobrahan din nang 682% o ₱128 milyon ang presyong mga abono.

Ayon sa COA, sadyang hindi ginawan ng GMA ng malinaw na sistema ang pagpapamudmod ng abono o pondo para gawing mas mahirap ang pagtunton sa daloy ng pondo at ang pag-alam sa mga aktwal na nakinabang dito.

Sa pangkalahatan ay ₱728 milyon ang nakurakot sa maano-malyang programang ito.

## Bidyo ng pagnanakaw ng mga ballot box, ipinalabas

HULING-HULI sa bidyo ang anim na empleyado ng Kongreso na pumapasok sa isang kwarto sa Batasang Pambansa upang nakawin at palitan ang mga ballot box na naglalaman ng election returns sa eleksyong 2004. Anim na beses nila itong ginawa mula Enero hanggang Pebrero 2005 bago ientrega ang mga ballot box sa Presidential Electoral Tribunal na dumidinig sa mga protesta kaugnay ng eleksyon. Habang ginagawa ang pagnanakaw, gwardyado ng mga pulis ang labas ng batasan.

Ang naturang bidyo na ipinalabas nitong Abril ng ABS-CBN ay kuha ng isang grupo ng mga sundalo, pulis at sibilyan. Kinukumpirma ng mga ito ang malawakang pamemeke ng *election returns* para ipanalo si Gloria Arroyo sa halalan.



#### Personal na mga gamit ng pulis, isinauli ng BHB

ISINAULI ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) ang personal na mga gamit ni PO3 Antonio Bravo, dating kumander ng detatsment ng First Provincial Mobile Group (PMG) ng Philippine National Police (PNP) sa Sityo Malasibog, Barangay Binubohan, Escalante City, Negros Occidental. Nakumpiska ng mga gerilya ang mga gamit ni Bravo nang salakayin nila ang detatsment noong Marso 19.

Inientrega ng Boy Gatmaitan Operational Command ng BHB-Negros sa Diocese of San Carlos ang mga personal na gamit ni Bravo. Kinabibilangan ito ng tatlong libro de bangko sa Armed Forces of the Philippines Savings and Loan Association Inc. (AFPSLAI), personal na mga rekord sa PNP at isang cellphone. Ginawa ito bilang pagpapakita ng kagandahang loob, ayon sa kalakip na liham ng Boy Gatmaitan Command kay Fr. Edwin Laure, director ng Social Action Center ng San Carlos. Anito, taliwas dito ang iniaasal ng karamihan sa matataas

na upisyal ng AFP at PNP na sadyang korap at umaangkin ng mga bagay na hindi kanila.

Nagpasalamat sa BHB si Bravo, na nakatakda nang magretiro sa PNP. Tinanggal siya sa pwesto matapos salakayin ng BHB ang pinamumunuan niyang detatsment. Nasamsam ng BHB sa reyd na ito ang isang M60 masinggan, isang M16, isang M14, dalawang ripleng Garand, isang pistolang kal. 45, pitong rifle grenade at ang mga personal na gamit ni Bravo.

## Implementasyon ng National ID, iniutos ni Arroyo

INIUTOS ng rehimeng Arroyo nitong Abril 21 ang kagyat na pagpapatupad ng National ID System, isang araw matapos pagtibayin ng Korte Suprema ang ligalidad nito.

Kaagad na tinuligsa ng mga progresibong organisasyon ang hakbangin. Anila, gagamitin lamang ito ng rehimen upang palakasin ang kanyang pasistang paghahari at magtatag ng isang police state na hindi mangingiming labagin ang pribadong pamumuhay ng mamamayan.

Ang National ID System ay instrumento ng rehimen para isentralisa ang mga susing pribadong impormasyon hinggil sa mamamayan upang mapadali ang pagmamanman sa kanila. Partikular na target ng patakarang ito ang mga pwersang lumalaban sa gubyerno laluna ang mga rebolusyonaryo.

Bagamat sa ngayon ay mga ID pa lamang sa GSIS, SSS at Philhealth ang pag-iisahin sa tinaguriang multi-purpose ID, balak ng Malakanyang na kalauna'y ipasaklaw din sa sistema ang mga pribadong indibidwal.

#### Kontra-manggagawang batas sa France, iniurong

NAGBUNYI ang mga manggagawa at kabataan sa France matapos iurong ng gubyerno ang batas sa paggawa na nagpasiklab ng malawakang mga protesta sa bansa nitong nakaraang mga buwan.

Inihayag ng gubyerno ni Prime Minister Dominique de Villepin nitong Abril 10 na hindi na itutuloy ang pagpapatupad ng batas na nagpapahintulot sa mga kapitalista na basta tanggalin ang sinumang empleyadong 26 anyos pababa sa loob ng unang dalawang taon sa trabaho.

Malaking kahihiyan para sa gubyernong French ang pagtanggap ng pagkatalo makaraan ang ilang linggong pagmamatigas sa harap ng malawakang pagtutol. Dambuhalang tagumpay naman ito ng uring manggagawa laban sa pagtatangkang bawiin ang kanilang mga saligang karapatan.

### Mga protesta laban sa hari ng Nepal, lumalawak

TULUY-TULOY ang malalaking kilos protestang pinangungunahan ng mga rebolusyonaryo at demokratikong pwersa sa Nepal mula noong Abril 6 para patalsikin si Haring Gyanedra.

Nagmartsa ang mamamayang Nepali sa kabila ng buong-araw na curfew na ipinataw ng hari noong Abril 9 at 12 at ng kautusan sa mga pwersang panseguridad na barilin ang sinumang lalabag. Ang utos na ito ng hari ay nagpatindi pa ng mga sagupaan ng mga pulis at mga demonstrador at nagresulta sa pagkamatay ng ilan.

Mula Abril 12, di na bababa sa sampu ang napatay sa pamamaril ng mga pulis sa mga rali. Umabot na rin sa 500 ang inaresto ng pulisya.

Lumawak ang panawagang ibagsak ang hari at magtatag ng demokratikong pamahalaan mula nang buwagin ng hari ang parlamento at angkinin ang absolutong kapangyarihan noong nakaraang taon.

Ang kasalukuyang bugso ng mga kilos protesta ay bunga ng kampanyang inilunsad ng nagkakaisang prenteng kinabibilangan ng mga partido ng ligal na oposisyon at ng mga rebolusyonaryong pwersang pinamumunuan ng Communist Party of Nepal (Maoist).



Taon XXXVII Blg. 8 Abril 21, 2005 www.philippinerevolution.org

Editoryal

# Patalsikin ang anti-mamamayan at anti-manggagawang rehimeng Arroyo

ugunitain ng uring manggagawa sa Pilipinas ang nalalapit na Pandaigdigang Araw ng Paggawa sa ilalim ng isa sa mga pinaka-anti-manggagawang rehimen sa kasaysayan ng Pilipinas.

Ito ang rehimeng ni minsan ay hindi nagkaloob ng anumang pangkalahatang umento sa sahod ng mga manggagawa at patuloy na nagbubulag-bulagan at nagbibingi-bingihan sa malaon nang iginigiit na P125 pagtaas sa minimum na arawang sahod. Ito rin ang rehimeng nagpapakana ng "cha-cha" sa pagnanais na

gamitin itong instrumento upang lalong apihin at pahirapan ang mga manggagawa at supilin ang kilusang paggawa.

Ang rehimeng Arroyo rin ang sistematikong nagkakait ng pondo para sa mga serbisyong panlipunang dapat pakinabangan ng mga manggagawa at iba pang naghihikahos. Sa halip, ang binibigyang prayoridad nito sa badyet ay ang mga pinagkakautangang dayuhang bangko at ang militar at pulis na nagtatanggol sa bulok, pasista at di lehitimong paghahari nito.



Ganap nitong ibinubukas ang buong ekonomya sa pagsasamantala ng mga imperyalista sa pwersa ng paggawa at likas na yaman ng Pilipinas. Ang dustang kalagayan ng mga manggagawa ay bahagi ng pangkalahatang pagkawasak ng mga pwersa ng produksyon sa Pilipinas bunsod ng pananalasa ng "globalisasyon" na todong itinutulak ng rehimen alinsunod sa dikta ng mga amo nitong imperyalista.

Hungkag na pangako ang tanging naibigay ni Arroyo sa labis na disgustadong mga manggagawa. Matapos ang dalawang taon, walang kinahinatnan ang

Mga tampok sa isyung ito...

Mayuga report, inililingid sa publiko
PAHINA 4

20 armas nakumpiska sa reyd sa Misamis Occidental PAHINA 5 Mga biyaya ng rebolusyong agraryo sa Cagayan Valley PAHINA 6

## Mga instruksyon sa paglilimbag

- **1.** Ang **sinundang pahina**, na eksaktong kopya ng pahina 1 maliban sa mas mapusyaw ang *masthead* o *logo* ay para sa mga gumagamit ng *mimeo machine* o naglilimbag sa paraang *v-type*. Idinisenyo ito para hindi madaling makasira ng istensil.
- **2.** Pag-print sa istensil:
  - a) Sa print dialog, i-check ang Print as image
  - b) Alisin ang check sa Shrink oversized pages to paper size
  - k) I-click ang Properties
  - d) I-click ang **Advanced**
  - e) Tiyaking naka-set sa 100% ang Scaling
  - d) Ituloy ang pag-print
- **3.** Hinihikayat ang mga kasama na ipaabot sa panugutan ng *AB* ang anumang problema kaugnay ng paglilimbag sa pamamagitan ng *v-type*. Magpadala ng *email* sa *angbayan@yahoo.com*